

Natatanging Ipinakikilala ng Museo sa Sining ng mga Asyano ang mga Bagong Akwisisyon at Dating Lihim na Sining Gawa ng Tagapangunang Artista na si Bernice Bing

isinulat ng Opisina sa Peryodiko ng Museo sa Sining ng mga Asyano (Asian Art Museum Press Office)

Dayuhan sa Kanyang Buhay, Ang Pagdating ng taga-Bay Area na Queer na Tsino Amerikano na *Into View* (Pagdating sa Paningin), Oktubre 7, 2022–Mayo 1, 2023

San Francisco, Hunyo 9, 2022 — Ipinagdiriwang ng *Pagdating sa Paningin: Bernice Bing (Into View: Bernice Bing)* ang kamakailang akwisisyon ng Museo sa Sining ng mga Asyano (Asian Art Museum) na 24 likhang sining na nagbibigay liwanag sa pinakamahahalagang lokal na artistang Tsino Amerikano na ngayon ay kinikilala nitong nakaraang mga taon para sa kanilang enerhiyang damang-dama at sa napaka orihinal na pananaw. Inaanyayahan ng eksibisyon, na ipapakita sa Oktubre 7, 2022–Mayo 1, 2023, ang mga tagapanood na tuklasin ang katangi-tanging tagumpay sa loob ng ikalawa't kalahating bahagi ng ika-20 siglo, at paghangaan siya – bilang isang babae, isang Asyano Amerikano, at isang lesbiyana – sa mundo ng sining na nagkulang sa pag-alay ng tulong o pangmatagalang respeto noon sa loob ng kanyang buhay (1936-1998).

Ang *Pagdating sa Paningin: Bernice Bing* ay nangunguna sa patuloy na serye ng mga koleksyon ng eksibisyon na tumatangkilik sa mga sining likha ng mga hindi kilalang moderno at kontemporaryong mga artista na Asyano Amerikano.

Sinisiyasat ng *Pagdating sa Paningin* ang ebolusyon ng kapansin-pansing pagsasanay ni Bing, mula sa mga pintura noong dekada 1950 at 1960 na sumasakay sa Abstract Expressionism at paghuhugis hanggang sa likhang sining mula noong dekada 1980 at 1990 na gumalugad ng sintesis ng kaligrapiyang Zen at Pakanlurang modernismo. Sa pamamagitan ng 24 likhang sining, ang Museo ng Sining ng mga Asyano ay nagiging pinakamalaking sisidlan ng sining ni Bing at siyang magiging natatanging tagapagtanghal ng eksibisyon na ito.

“Ipinagmamalaki ng Museo ng Sining ng mga Asyano ang pagbibigay ng tahanan sa mga madamdaming likhain ni Bernice Bing sa loob ng ating kontemporaryong koleksyon at sa pagbibigay pansin para sa isang kababaihang artistang Asyano Amerikano,” sabi ni Abby Chen, tagapag-organisa ng eksibisyon at pinuno ng kontemporaryong sining na siya ring associate senior na tagapangasiwa sa museo. “Ang napaka-makukulay na mga kanbas ni Bing ay masigla sa buhay na may halong kakaibang damdamin na dulot ng kanyang panahon, kanyang lugar, at ng kanyang katangi-tanging pagkilala sa sarili bilang dayuhan sa isang kapiligran na kumikilala sa mga artistang Asyano Amerikano na malikhain at isang bagong biswal na diskurso, pero nananatiling hindi kapansin-pansin. Ang eksibisyon na ito ay mapag-wasto sa panahon, ipinapakita nito sa mga

tagapanood kung bakit namin siya ibinabalik sa kanyang tamang wasto sa kontrakulturang pamantayan sa Bay Area.”

Ipinanganak sa Chinatown ng San Francisco noong 1936, nawala sa buhay ni Bing ang kanyang mga magulang noong siya ay limang taong gulang at lumaki na palipat-lipat sa pagitan ng relihiyosong bahay-ampunan at iba't ibang foster home. Pagkatapos niyang magtapos mula sa Oakland Technical High School noong 1955, nakatanggap siya ng scholarship (tulong sa pagbabayad ng edukasyon) para dumalo sa California College of Arts and Crafts (ngayon CCA), kung saan siya ay nag aral kasama ng kilalang pintor sa Bay Area na si **Richard Diebenkorn** at Hapon na pintor at teoriko na si **Saburo Hasegawa**, na nagpakilala ng Zen Buddhism, mga pilosopo na Tsino, at tradisyonal na kaligrapiya at na siya ring paksa ng isang malaking eksibisyon noong 2019 sa Museo ng Sining ng mga Asyano, *Pagbabago at Walang Pagbabago ng mga Bagay: Noguchi at Hasegawa ng Japan Pagkatapos ng Digmaan*. Ang pagtatagpong ito ay maaaring unang makabuluhan na pagkalantad ni Bing sa kanyang pamanang kulturang Tsino. Tinapos niya ang kanyang B.F.A. at tinapos ng M.F.A. sa California School of Fine Arts (ngayon ay San Francisco Art Institute o SFAI), kung saan pinagaaralan niya ang mga pintor katulad ni **Elmer Bischoff** at **Frank Lobdell** at naging bahagi sa eksena ng sining noong Beat Era.

Katampok sa mga maaga at makahulugang gawa ni Bing ang *Isang Babaeng Mayroong Mapa ng Daan (A Lady with a Road Map)*, mula noong 1962, na binigyang kahulugan ng parehong Abstract Expression at ng Kilusang Talinhaga ng Bay Area (Bay Area Figurative Movement) sa pamamagitan ng matingskad at makulay na abstrak na anyo. Noong 1963, lumipat si Bing sa Napa County at ang kanyang mga pintura, habang nanatali itong nonrepresentational (isang estilo ng sining), ay nagsimulang tumutok sa “napakalaking espiritalidad ng kalikasan.” Napalalim ng paraang ito sa sumunod na mga taon sa kanyang pagsaliksik ng espiritalidad na New Age at nagpagkubli sa Esalen ng Big Sur sa may baybayin ng California.

Nagpatuloy na umunlad ang maagang dedikasyon ni Bing sa abstraksyon, habang isinasama ang mga represensiya sa kanyang kulturang Asyano, katulad ng kanyang pananampalataya sa Budismo. Kasali sa kanyang pamumuhunan sa panlipunang aktibismo at pagpapaunlad ng komunidad, lalong sa mga artistang Asyano Amerikano at iba na hindi puti ang lahi, ang paglilikha ng inklusibong kapaligaran at mga network sa suporta na nagkulang sa kanyang karera, noong siya ay hindi pinahalagahan ng mga galeriya, museo, at pahayagan sa sining.

Noong dekada 1970, nakibahagi si Bing sa Programang Pang Sining ng mga Distrito sa San Francisco (San Francisco's Neighborhood Arts Program), na sumusuporta sa paglikha ng sining sa mga iba't ibang lugar sa lungsod, mula sa Hunter's Point hanggang sa Chinatown, at sa Mission. Noong dekada 1980, pinaglingkuran ni Bing bilang unang tagapamahalang direktor sa South of Market Cultural Center (ngayon ay kinikilala bilang SOMArts), na siyang nagsusulong ng mga likhang sining ng mga artista mula sa mga komunidad na kulang sa serbisyo, at isa rin siyang miyembro ng tagapagtatag ng Asosasyon ng mga Kababaihang Artista na Asyano Amerikano (AAWA).

“Naging hadlang sa pagdiriwang kay Bing ang kanyang walang-patawad na patungong grassroots,” paliwanag ni Chen. “Gayunpaman, sa pamamagitan ng kanyang radikal na

pagmamalasakit, pinasigla niya ang mga lugar na kulang sa serbisyo at inalagaan niya ang isang kapaligiran ng kultura para sa mga Asyano Amerikano na tumagal hanggang ngayon.”

Mga Hindi-Pa-Nakikitang Tintang Guhit mula sa mga Huling Taon ni Bing

Itinatanghal ng Museo ng Sining ng mga Asyano ang siyam na tintang guhit sa papel, mga likhain na hindi pa ipinapakita sa pampublikong pagtanaw. Mula sa unang karera ni Bing ang siyam na mga guhit na nagbibigay liwanag sa kanyang malalim na koneksyon sa sining ng Bay Area mula sa panahong ito. Kasama dito ang iilang pigurang guhit mula 1959, ang taon kung saan sinimulan ni Bing ang kanyang graduate study sa California School of Fine Arts, at naging kalugod-lugod na adisyon sa pamantayan sa pag-aaral ng pigura ng Bay Area mula sa isang artista na parehong Asyano Amerikano at isang babae. Nagsimula bilang piguratibong imahe ang kanyang mga guhit at sinasama nito ang pinong linya ng plumage at mabalahibong alun-alon, pero mabilis naging abstrak ang iilan dito. Naging katalista sa paglipat sa imaheng tanawin ang kanyang paglipat sa baybay ng bundok Mayacamas sa California habang siya ay nagnilay sa ganda ng kanyang bagong kapaligiran.

Noong dekada 1980, nagsimulang makita ang abstraksyon ni Bernice Bing na dulot ng impluwensya sa kanya ng Budismong pagsasanay at ng tradisyonal na pang-Tsinong sining. Noong 1984, nakatanggap siya ng isang **Fulbright scholarship sa Tsina**, kung saan pinag-aaralan niya ang kaligrapiya at tradisyonal na pag-pinta ng tanawin gamit ang tinta, at sinabi niya pagkatapos “Nakalikha ako ng sariling landas sa aking puso gamit ang kaligrapiyang Tsino.” Nabuo ang kaligrapiya at abstrakyon sa kanyang gawa pagkatapos ng kanyang mapaghubog na paglalakbay at madalas niyang pinili ang mga pamagat sa kanyang mga pintura gamit ang represensya sa kagalang-galang na Lotus Sutra, isang buod na iskriptura sa Silangang Asyanong Budismo.

Si Bing ay nagkasakit ng hemochromatosis at lupus noong gitna ng dekada 1990; namatay siya noong 1998 dulot ng kanser. Ang kanyang huling gawa, *Epilogue* (1990–1995), matatanaw sa eksibisyon, ay naglilingkod bilang isang resume ng kanyang pag-unlad biling artista: abstract cluster, may iba na nagmumungkahi na piguratibang anyo at iba kaligrapiyang pinagmulan, ay inayos sa isang 24-talampakang-haba na taluhabang komposisyon na mababasa katulad ng paglatag ng pergamino.

Kasama rin sa pagtatanghal ang mga ephemera mula sa kanyang artsibo na nagbibigay tingin kung papaano niya hinabi ang sining, espiritalidad, at komunidad sa isang holistikong paraan ng pagkatao.

Organisasyon ng Eksibisyon

Pagdating sa Paningin: Bernice Bing (Into View: Bernice Bing) ay binubuo ng Museo sa Sining ng mga Asyano ng San Francisco. Ginagawang posible ang eksibisyon na ito sa pamamagitan ng mapagbigay na suporta ng Saliga ng Terra para sa Sining Amerikano. Mapagbigay ihinahandog ng Akiko Yamasaki at Jerry Yang Pondo sa Endowment para sa Eksibisyon ang matagalang suporta.